



Tinuruan ako ng Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Attashahhud,Ang kamay ko sa pagitan ng kamay niya,Tulad ng pagtuturo niya sa akin ng Kabanata mula sa Qur-an,:Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah,Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta at ang Habag at ang pagpapala ni Allah,Ang kapayapaan ay mapasa amin at mapasa mga taong gumagawa ng makatarungang paglilingkod kay Allah,Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah,at Tunay na si Muhammad ay lingkod Niya at Sugo Niya

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi:Tinuruan ako ng Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Attashahhud,Ang kamay ko sa pagitan ng kamay niya,Tulad ng pagtuturo niya sa akin ng Kabanata mula sa Qur-an,:Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah,Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta at ang Habag at ang pagpapala ni Allah,Ang kapayapaan ay mapasa amin at mapasa mga taong gumagawa ng makatarungang paglilingkod kay Allah,Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah,at Tunay na si Muhammad ay lingkod Niya at Sugo Niya)) at sa ibang pananalita:((Kapag umupo ang isa sa inyo sa kanyang pagdarasal,sabihin niya ang:Ang lahat ng mga pagbati ay para sa Allah)) at nabanggit niya,at napapaloob dito ang: ((Sapagkat kapag ginawa ninyo ito,tunay na nabati ninyo [ng kapayapaan] ang lahat ng makatarungang lingkod [ni Allah] sa kalangitan at kalupaan)) At napapaloob dito ang:((Suriing mabuti mula sa mga kapakanan ang kahit na anong kanyang maibigan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Binabanggit ni `Abdullah bin Mas`ud-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay tinuruan siya ng Attashahhud,Na siyang sinasabi sa mga Pag-upo sa pagdarasal,Sa una at sa Huli,sa Dasal na apatan ang tindig,at Tatluhan,At sa Huling Pag-upo ng pagdarasal sa Dasal na dalawahan ang tindig,At ang Propeta-pagpalain siya ni

Allah at pangalagaan-ay binigyan niya ng pansin ang pagtuturo sa kanya ng Attashahhud,at inilagay niya ang kamay nito sa kamay niya.Nagsimula siya sa Pagdadakila kay Allah-Pagkataas-taas Niya;Ang Pagdadakila sa Pangkalahatan,Na Siya ang karapat-dapat sa mga pagdarasal at sa mga natitira pang mga Gawaing Pagsamba,At mga Mabubuting pananalita at gawa at katangian,At pagkatapos niyang magbigay ng Papuri kay Allah-Pagkataas-taas Niya,Isinunod niya ang pananalangin sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Pangangalaga [sa kanya] mula sa mga kapintasan at mga kapinsalaan.At humiling siya kay Allah para sa kanya ng Habag at Kabutihan,at karagdagang pagiging ganap mula rito.Pagkatapos ay nanalangin siya para sa sarili niya at sa mga naging kasama niya sa kasalukuyan mula sa mga anak ni Adam at sa mga Anghel,Pagkatapos ay isinama niya sa pananalangin ang lahat ng mga mabubuting alipin ni Allah,mula sa mga Tao,Jinn at mga Anghel na nananahanan sa kalangitan at kalupaan.mula sa mga nauna at sa ma susunod sa kanila,At ito ay kabilang sa kabuuan ng salita niya-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.Pagkatapos ay nagsaksi siya ng Pagsasaksi na walang pag-aalinlangan;Na walang ibang dapat sambahin maliban kay Allah at si Muhammad-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay may dalawang katangian:Ang isa sa kanila: Na Siya ay nagtatangi ng katangiang Pagkaalipin,At ang ikalawa:Katangian ng Mensahe: At ang dalawang katangian ay katangian ng pagpaparangal at pagdadakila,at pumapagitna sa pagitan ng Pagka-mataas at pag-iiwas.At tunay na nakasaad sa Attashahhud ang napakaraming katangian;Ngunit ang pinakamainam rito at ang pinakakilala,Ang Tashahhud ni Ibn Mas-`ud na siyang isinulat ng nag-akda;At ipinapahintulot ang paggamit sa anumang naging tumpak mula sa mga natitirang Katangian.

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3096>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

